Makikita ang mga layunin sa pagsasalin sa mga depinisyon nito sa kontekstong panitikang Cebuano. Sa pagdalumat sa *hubad*, ginagamit ang maraming termino upang mahuli ang kahulugan ng pagsasalin: *rendered into Cebuano*; *given a pagugitlan or 'retold'*; *given a 'culled' or 'gleaned'*; at *given a 'translated'* (Mojares, 1990, 80). To translate in Cebuano, therefore, means to bare, manifest, or reveal and it involves not only the act of having, of exposure, itself, but, more important, the concept of its consequence, of the beholder or listener becoming knowledge-filled, his/her learning increased" (Mojares, 1990, 80). Nangangahulugan ang depinisyon ito na ang pagsasalin ay paglalantad o pagpapahayag—ilang pahayag ng kailangang "magbunyag" ang kaisipan upang mabatid ng mga Cebuano at ng mga di-Cebuano ng mambabasa.

Ilang uri ng pagsasaling naiiba sa pangkaraniwan at pangkalahatang konsepto ng pagsasalin ang pagsasaling pampantikan na sumasalamin ng malalim na imahinasyon ng mga may-akda at kung papaano nila tinutignan "ano kaya ang mundo, hindi kung ano ang mundo."

Mga pasailita at pasulat na mga pamulat ang panitikang Cebuano, ang salita ng ilang kapat ng populasyon ng Pilipinas na naninirahan sa ilang bahagi ng Leyte gaya ng Baybay City at Ormoc City, Cebu, Siquijor, Bohol, Negros Oriental, at Mindanao. Mayaman ang Cebu sa pasailitangtradisyon gaya ng alamat, kuwentong bayan at mga mapanlokang kuwento ni Juan Posong, patulang anyo gaya ng *harito* (shaman's prayers), *suray* (verses), *igwa* (riddles), at penultihan (proverbs) bago dumating ang mga mananakop na Kastila ayon sa Heswitant ni Padre Francisco Alzina (1968). Maliban pa rito, mayroon ding *balak* (pangkaranwang anyo ng tula) na paborito ng mga Bisaya, ang *balagbay* o *sambingay* (may tayutay), *balitara*, at *kulintang hari* (duplo).

KASAYSAYAN NG PANITIKANG CEBUANO

Tinukoy bilang *Golden Age of Cebuano Letters* ang panahong 1900–1940 (Alburo, 1998, ii). Sa panahong ito, nakaranas ng mga paghahambing ng kultura

ang kalakhang Cebu dahil sa panibagong pananakop ng Amerikano at pagulong ng kultura at politika nitong nagpabago sa pang-ekonomiya at pansosyal na sitwasyon sa loob ng apat na dekada, gayundin sa pag-usbong ng nasyonalismo. Ginamit ang bernakular sa mga pamulat ng mga kabatsang makabansa para sa inasasin na *Kalayaan*. Mula 1900 hanggang sa pagsiklab ng digmaan sa Pasipiko, nariyan ang mga pahayagang *El Nuevo Dia* (1900), *Ang Suga* (1901–1911) at umahot ito sa TIR. Samantala, ang *Comunioran*, *La Precursor*, *La Revolution*, *Bag-ong Kusog*, *Ang Freeman*, *Babaye*, *Nasud*, *Bisaya* naman ang mga publikasyon ayon kay De la Cerna (2018). Dahil dito, diinagisa ang mga makata, balos 13,000 ang mga tulang nagawa at ang "Hikalintan" at "Pag-usura" (1929) ni Vicente Razudo (1908) ang naging modelo sa panulaon na makikita sa tradisyon ng panulaang Cebuano (Alburo, 1993, 1). Mayroong 1,081 na mga makata na sumulat para sa *Bag-ong Kusog* (De la Cerna, 2018, 1). Mahalaga sa paglago ng panitikang Cebuano ang paglunsad ng magasing *Bisaya* noong dekada 30 sa pamamagitan ng mga publikasyon ni Ramon Roces (Alburo, 2015, 2). Naging behikulo ito na makikita ang panitikang Cebuano sa labas ng rehiyon nang nailathala ang magasing *Bisaya* sa Manila.

Naging sagilanan o maikling kuwento ang mga naratibong tubuyan, halimbawa nito ang "Morning" (1901) ni Vicente Sotto, ang "father of Cebuano letters" at sa kalaunan'y naging sagilambong o nobela (Alburo, 2015, 2). Nakatulong din ang palagiang paglathala sa pagusbong ng panitikang mga akda ng mga manunulat sa tatlong dekada bago ang ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nabasa ang galing ng mga Cebuano ng manunulat mula sa mga naunang pagsasalin sa mga kuwentong-katha sa Europa at mga panggagaya sa modelo ng Amerikano gaya ng mga gawa nina Juan Villagonzalo, Uldarico Alviola, Angel Edemecio, Flaviano Boquencosa, Sulpicio Osorio, Nicolas Rafeis, at iba pa. Sa dala naman may paghabago rin (Alburo, 2015, 2). Ang kombinasyon ng pansosyal na kritisismo at pang-aliw ang mga naging popular gaya ng mga gawa nina Rodriguez, Piux Kabahar, at Florentino Borromeo (Alburo, 2015, 2).

Subalit nagamabala ang kasaysayan ng panitikan dahil sa ikalawang Digmaang Pandaigdig kaya hindi naitaguyod ang gawing pampantikan. Nagresulta ito ng pagbaba ng paglathala ng panitikan dahil sa haloslangan

ng mga peryodiko para sa mga manunulat na Cebuano at naging marhinalisado ang kumintang mga gawa/obra. Ang pagsulputan ng bagong heneryasyon ng mga Pilipinong ural sa Ingles ang may kapakanan at dahil naging prestijiyoso ang Ingles, dumami ang produksiyon nito (Mojares, 1990, 77). Ito na ang umpisa ng paghaba sa kalidad ng panitikang Cebuano maliban pa sa paghaba ng bernakular na paglathala. Sa kabila ng lahat, nangunguna pa rin ang *Bisaya* ng *Litwayway Publications, Inc.*, kaya mula dekada 70 hanggang sa kasalukuyan, ang *Bisaya* ang pinakakanyag na behikulo sa Cebuanoang panulat (Mojares sa papel ni Gabunada, 2018, 4).

Bagaman sa pangyayaring ito, napunan naman ang paghaba ng paglathala ng panitikang Cebuano sa pagbuo ng organisasyon ng mga manunulat at paglathala sa mga unibersidad gaya ng LUDABI o *Ludus sa Dagang Bisaya* (Core of Visayan Writing), ang pinakumalalang samahan ng mga manunulat sa bernakular na Cebuanoang nabuo noong 1956 at binigay ng LUDABI kasama ng kanyang *Lubusan* at ang *Dagang Bisaya* ang pangungailangan para sa paglathala ng mga akda (Mojares sa papel ni Gabunada, 2018, 4). Gayunpaman, may mga palihan para sa mga panulat sa Cebuano gaya ng *Cornelio Faigao, Bathala*, *WILA*, *Tarantula Writers Workshop* sa Cebu, *Siliman Writers Workshop* sa Dumaguete, *IYAS Writers Workshop* sa Bacolod, at malilit na palihan sa mga UP Campus ng Iloilo at Tacloban (Ungria, 2018, 4). Maliban nito, mayroon ding mga akademiko at paglathala ng panitikan na kalimit'y gawa ng Cebuano Studies Center (CSC) ng University of San Carlos (USC) kasama ang ibang unibersidad sa Cebu gaya ng Cebu Normal University (CNU). Nagbago talaga ang mga pangyayari noong dekada 70 hanggang 80 dahil dumami ang mga pag-aaral sa panitikang bernakular at nakatuon sa kasaysayan nito ang mga proyekto sa pananaliksik, kolaborasyon, at paglathala. Tugon sa kampanya ng paghao ng pambansang panitikan na dapat kumatawan sa mga tradisyong panitikan sa mga iba't ibang rehiyon ng Pilipinas ang kintuang ito. Sinuportahan ito ng mga iskolar at mga samahan gaya ng *SALAPI* (Samahan para sa mga Literaturo ng Pilipinas) na nakasad na "*Philippine literature, to be a genuine national literature, should not be composed only of literature in only one language of one ethnic group*" (Punete, 1992, 4). Pinangutuwiran

ni Ilmor Odoñez na kailangang bumuo ng kasaysayan ng panitikang Pilipino sa Pilipinas gamit ang lahat ng panitikang panrehiyon bilang mga bahagi sa kinabekasan ng panulat sa bansa at nakasalalay ito sa umuubong na panitikang isusulat ng mga marhinalisadong sektor ng lipunan (Bresnahan sa papel ni Gabunada, 2018, 250). Iginit din ni Bienvenido Lumbera, "*there was a need for the revision of the literary history of the Philippines and that, in this revision, we needed to have a clearer appreciation of the mainstream of this history, which is constituted by the literature in the various Philippine languages*" (Mojares, 1996, 128). Malinaw talaga na mayroong pangangailangang remsahin ang komposisyon ng panitikang Pilipino.

Pero hindi sasagot ang mga organisasyon ng mga Cebuanoang manunulat, kailangan din ang mga jornal na pampanitikan, at mga akademikang paglathala sa pagsuporta, pagtaguyod at paglathala ng panitikang Cebuano sa pambansang arena.

Few works in Cebuano have been translated into other languages... a problem of power. Cebuano has historically been relegated to a position subordinate to English and Tagalog. The concentration of state power and media resources in a Tagalog-speaking primate region and the promotion of Tagalog as the 'base' for the national language... have marginalized regional languages like Cebuano... literature is not only marginally considered in Philippine literature courses... Cebuano-language publications have led to a struggling existence... (Mojares, 1990, 79).

Bunsod nito, pumiling magsalin ng mga tekstong pampanitikan ang mga manunulat sa Cebuano upang maitaguyod ito. Dito nag-umpisa ang mundo ng pagsasalin sa post-modernang panahon sa Pilipinas. Napakayaman ng panitikang Cebuanoang naglalaman ng kultura at kasaysayan nito at hindi man lang mabasa ng mga pamayanang hindi makakaaintindi nito, kaya ang mga proyektong pagsasalin ang sagot nito na mag-abot ng kakaiba at kabigha-bighaning kayumanang nagmumula sa mga tinatawag na marhinalisadong sektor—pamilyang hindi karapat-dapat sana lung maisasakatuparan lamang ang pagtaguyod, pagpreserba at pagpaleganap nito na balang araw magiging

kanonisado rin ang halos lahat kung hindi man lahat ng naisulat at naisaling panitikang Cebuano. Totoo ngang kasangkapan sa pagtaguyod ng panitikang bernakular ang pagsasalin upang mahasa at mapahalagahan sa ibang pamayanang hindi nagsasalita ng Cebuano. Pero tila bang marami pa ang maaaring mapaglaanan bago ito makamtan. Dahil sa punong-puno na ang lipunang Filipino ng mga kanon ng panitikan sa ibat ibang antas na humuhubog sa mga pananaw ng mundo, nariyan ang pag-asam na magiging kanonisado bagaman—*Literary canons exclude works no matter how selective canon makers usually are*. Kaya ang pilosopiyang maabot ang pinakamatatag sa panulatang panitikan at malampasan ang mga hadlang sa pag-abot nito ang pinakadakilang mithiin ng mga manunulat at nariyan ang mga teoryang gumagabay sa paghanap ng mga estratehiya upang makamitan ang mga solusyon para sa inasam-asam.

Marami na ang mga naisulat na panitikang Cebuano na masasabing kanonisado pero kailangang maisalin sa Filipino o Ingles upang mahigyan ng pagkakataong maiithala at makaambag sa panitikang Filipino. Bago ang gawaing pagsasalin, nakita at nangatwiran si Resil Mojares na kailangan ang pag-aral at pagtaguyod ng panitikang panrehiyon ng bansa tulad ng Cebuano, Bicolano, Hiligaynon, Waray, Kapampangan, at iba pa para sa malaking rebasyon sa konsepto ng panitikang Filipino. Maghahayag ang pagsisikap na ito na bahalagahan ng napakalaking dami ng panitikang rehiyonal (Mojares sa *tipi ni Gabonada*, 2020, 29).

Sa pagbabalik-tanaw, mung panahon ng Ikalawang Digmaan Pandaigdig, nagmula ang produksiyon ng panitikang Cebuano at gayundin sa implementasyon ng Ingles at Filipino bilang midyum sa pagtuturo kaya naging marginalizado ang wikang Cebuano kasama ang panitikan nito at ibang wika gaya ng Waray, Hiligaynon, Bicolano, at iba pa. Nagbunga ang pagtuturo ng Ingles sa sistema ng pampublikong paaralan ng pagsulat ng Filipino at Ingles at naghikeyd ang pagpaputupad ng Filipino (na kaisang binago sa Filipino) bilang wikang pambansa sa mga Filipino na magsulat sa Filipino. Kaya, mula 1950s hanggang 1960s, naglalaman lamang ang panitikan ng Pilipinas ng mga sulatin sa Ingles at Filipino. Nangagabalagan ito na bigat na nakasentro sa mga sulatin sa Filipino at Ingles ang panitikan ng bansa (Brennahan,

1992: 132). Kaya mahalagang itaguyod ang panitikang panrehiyon at hindi lamang ang panitikan sa Filipino at Ingles na naglalaman sa pambansang panitikan.

NARATIBO NG PAGSASALING BERNAKULAR

Masalimuot ang pagsasaling bernakular sapagkat nabababot ito ng mga kontrobersiya at problema. Pinamumunuan ang mga proyektong pagsasalin ng may sapat na kapangyarihang mangunguna sa mga gawaing pagsasalin sa isang pamayanan gaya ng sa Cebu na pinamumunuan nina Resil Mojares, Erlinda Alburo, at Hope Yu na mga propesyonal at mga kawalpidadong tagasalin. Sa pagkakataong magkokonstrak ng representasyon sa mga tekatang Cebuano at kultura ang mga propesyonal na tagasaling ito na mula sa Cebuano Studies Center sa pamamagitan ng pagsasalin, maaaring maisali ang mga panitikang ito sa pambansang panitikan na dapat binuhos ng iba't ibang wika sa Pilipinas na binigyang-diin ni Lumbera na ayon sa kanya, kailangang rebisahan ang kasaysayang panitikan ng Pilipinas. Subalit maaaring mainipluwensiyahan ang representasyong ito sa iba't ibang aspekto at sa proseso ng pagpili ang isa nito. Gayundin, ang pagiging limitado ng mga materyal ang isang mahalagang konsiderasyon dahil hindi talaga nasalaw ang kabuuang kanon ng panitikang Cebuano sa mga proyektong pagsasalin kaya hindi kompleto, pansamantala at probisyonal ang estado ng mga proyekto ng pagsasalin ng panitikang Cebuano. Nagreresulta ito ng maling representasyon ng panitikang Cebuano sa rebasyon ng panitikang Filipino dahil hindi nasalaw ang kabuuang panitikang Cebuano.

Mahihinuha sa mga proyekto sa pagsasalin, mapapansing walang tamang direksiyon sa mga tumbun ng salaw alto dahil hindi pa naitatag ang malinaw na mga patnubay para sa pagpaputupad ng mga unang proyeto sa pagsasalin. Sa dinamiki-rumi ng panitikang Cebuano, hinarap ng mga iskolar ng Cebuano ang napakalaking pagsisikap sa pananaliksik, pangongolekto, at pagsasalin ng panitikang Cebuano kasabay ang kawalan ng tamang direksiyon at kakulangan ng pondo para sa mga proyekto ng pagsasalin. Bukod dito, itinaloy pa ang iba't ibang direksiyon ng pananaliksik ng mga iskolar at gumamit sila ng iba't ibang

target na wika sa pagsasalin na kasangay sa mga pamung proyekto ng pagsasalin.

Maliban pa nito, nariyan pa ang mga kondisyong maaaring magpapahago sa teksto, bagaman itinaturing ang proseso na may sapat na kalipikasyon, praktika, at may kaakibat na hirakilyang kasaysayan pati mga metodolohiya subalit puwedeng malusutan ang proseso ng produksiyon ng mga konseptuwal, pansosyal, ut pampolitikal na mga bagay mula sa ibang disiplina—maaaring sa loob mismo o sa labas ng akademya. Ayon naman ito sa mga tagasalin at mga direktor ng Cebuano Studies Center. Kaya, maaaring palba-iba ang anyo ng representasyon ng panitikang Cebuano o kaya may mga pagkakasahungatan dahil maaaring malawid ang mga hangganan ito. Maaaring muling makaspekto ang mga pagkakasahungatan ng representasyon sa mga naisaling panitikang Cebuano sa pagbuo ng alternatibong kanon na dapat isaalang-alang sa pagsasalin bago maging lehitimo ang mga teksto sa mas malawakang sistema.

Sa kontekstong maaaring magpapahago sa teksto ang pagsasalin, puwedeng lugnay ito sa terminolohiyang “untranslatable” or “untranslatability” sa *Against World Literature: On the Politics of Untranslatability* (2013) ni Emily Apter. Tiningnan ni Apter ang “mistranslation” bilang basehan niya sa konseptong “untranslatability” na ginamit niya sa kanyang pagpuna sa hegemoniya ng Ingles sa akademikong pag-aaral ng panitikan lalo na sa pagpapakita ng mga anyong labis na paggamit/pagtiwala sa pagsasalin sa Ingles at mababaw na palagay na madaling makita ang tumabaan ng mga teksto at ang salin nito. Kapuri-puri ang proyekto ni Apter sa paggamit ng “untranslatability as an epistemological fulcrum for rethinking philosophical concepts and discourses of humanities” (31). Isang mapanukong tugon ito sa “pag-eendoso ng pagkahapagday-pentay ng kultura at kakayahang mapalitan (substitutability)” na nakikita niya sa ilang mga deskarte sa panitikan sa mundo. Hindi ba’ kaaya-aya rin kung panatilihin na lamang ang mga akla sa orihinal na anyo nila?

Ayon sa kanyang mga kritiko, may depekto ang kanyang konsepto. Hindi isang maliwagang bentana ang pagsasalin patungo sa ibang kultural na mundo. May nararating kahulugan sa mundo pagkatapos ng pagsasalin. Dahil hindi maliwagan ang pagsasalin, mas nakakabuti kung itinatidhin na lamang kung paano humabas ang bagong kahulugan sa

pamamagitan ng pag-aaral ng praktika ng pagsasalin at ang salin bilang makahulugang orihinal (Rochers at Twiss 2018). Kaya masasabing bagaman may pagkukulang sa larang ng pagsasalin, may malaking ambag pa rin ito sa anumang panitikang rehiyonal/probinsiya sa mundo na kailangang maisalin sa mga wikang nalitidihin ng nakararami.

Patungkol sa mga isinalin o isasaling panitikan ang isang bagay na nararapat ding banggitin na inihayag ng mga teorista. Ayon sa kanila, isang sistema ang mga isinalin o mga isasaling panitikan na gumagana sa mas malawak pang sistemang pansosyal, pangkasaysayan, at pampanitikan ng target na kultura. Isang napakahalagang hakbangin at sa pantong ito, ipinapalagay na mga deribatibo at seganda klaseng uri lamang ang mga panitikang naisalin. Nagreresulta ito ng pagiging marhinalisado ng mga isinasaling panitikan at ng mga tagasalin. Puwedeng mag-udyok na muling magingnan ang kasaysayan ito dahil kahit ano pa man, hindi talaga mapapigilan na magkakaroon ng paggalaw sa isang polysystem. Ayon kay Zohar (1990, 14), *in a polysystem one must not think in terms of one center and one periphery, a move may take place, for instance, a certain item (element or function) is transferred from the periphery of one system to the periphery of an adjacent system within the same polysystem, and then may or may not move on to the center of the latter.*

Tiningnan din sa artikulong ito ang mga proyekto ng pagsasalin ng panitikang Cebuano—ang proseso ng paglikha, pagbuo ng kanon at produksiyon pagkatapos ng digmaan hanggang sa kasalukuyan bilang pagsasakasaysayan ng panitikang Cebuano at pagsasalin sa Filipino ganon din ang mga hadlang o mga problemang kinakaharap sa putley na gawaing pagsasaling bernakular at ang papel ng tagasalin bilang marhinalisado sektor ng lipinang Pilipino. May ilang mungkahi rin kung paano maireresolba ang mga hadlang at problema sa putley na gawaing pagsasalin.

ANG PAGLIKHA AT PRODUKSIYON NG PROYEKTONG PAGSASALIN NG PANITIKANG CEBUANO

Kasama ang koleksiyon, pagtitipon, at aktuwal na pagsasalin sa mga piling tekstong pampanitikan ang “pagbuo” bilang pagpasimula ng pagsasalin. Naghahayag

ang pagsusuri sa mga proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano sa mga partikular na panahon ng kasaysayan (dekada 1970, 1980, 1990, at ikadalawampung isang siglo) ng hangarin ng panulat at naratibo sa bawat panahon.

Pagpapahayag ng pagtrato at kultura ang panitikang Cebuano ng pinakamalaking sektor ng wika sa Pilipinas na naninirahan sa Gitnang Visayas, Silanganing Visayas, Silanganing Mindanao, at malaking bahagi sa gitnang Mindanao. May iba-iba at mayamang panitikang pasalita gaya ng mga kuwentong bayun, kasabihan, bugtong-bugtong, sawaysey, at kanta ang mga lugar na ito; sa panulat gaya ng mga tala, malding kuwento, nobela, at dula ayon sa nabanggit na. Bagaman marami ang mga pinagdaanan sa panahon ng pananalok, yumbong pa rin ito sa iba't ibang panahon sa kasaysayan at buhay pa rin ang pagpapahayag ngayon, bagaman may kakulangan sa mga pulahasan (outlet) nito. Mga proyekto sa pagsasalin sa Filipino lamang mula dekada 70 hanggang sa kasalukuyan ang mga talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 1. Pagpapahayag at Pagkakatagorya ng Pagsasalin ng Panitikang Cebuano sa Dekada 7

Pagsasalin ng Panitikang Cebuano sa Dekada 70			
Pagpipili ng Wika	Mga Pangunahing Outlet	Pagsasalin na mga Programa/Proyekto	Saklaw at Fokus
□ Filipino	Antolohiya	□ Mamumulat: Mga Piling Akdang Pilipino	□ Pagtitipon ng mga panitikan upang mabigay ang katipunan ng kabataan sa pagmamahal ng sariling wika (Filipino)
		□ Akang Efron B. (ed). <i>Mamumulat: Mga Piling Akdang Pilipino: Pioneer Printing Press, 21 Lincoln St. San Francisco del Monte, Quezon City</i>	□ Pagbubakla sa Pakikibakang Pangpanitikan

Noong dekada 70, nag-umpisa ang kampanya sa pag-aaral ng bernakular na panitikan bilang unang hakbang sa pagbuo ng pambansang panitikan. Isang antolohiya lamang ng panitikang Cebuano ang nagawa noon na naisalin sa Filipino at dalawa naman sa Ingles. Pag-aari ng proyektong pagsasalin/antolohiya ng *Mamumulat: Mga Piling Akdang Pilipino* at ang saklaw nito ay hindi lamang ang mga panitikang Cebuano kundi pati na rin ang iba pang mga panitikang bernakular gaya ng Hiligaynon, Ilokano, Kapampangan, at iba pa. Sinulat/Isulat naman ito ng mga panrehiyong mamumulat; partikular ang malding kuwentong Cebuano niha Nazaron Bas at Efron Abueg, na nag-edit ng antolohiya at naglarawan sa saklaw: "ang katipunang ito ng malding kuwentong Pilipino ay nagpapalutas sa malawak at matibay na pagbubakla ng mga mamumulat na Filipino sa isang pakikibakang pangpanitikan laban sa ilang kinamuhananang katipunan tungkol na rin sa panitikang Pilipino na iba-iba at watak-watak. Mataring naimpluwensiyahan ng panahong pagsigabo ng nasyonalismo ang mga akdang isinama sa katipunang ito (Cruz sa papel ni Gabunada, 2018, 88). Mga panulat itong tiwid-diwang nasyonalisong nabuo noong propaganda sa panahon ng Kastila. Naimpluwensiyahan ng diwang nasyonalismo ang mga tema ng mga malding kuwento dahil base sa pilosopiyang tumataguyod sa pagtatag ng pambansang panitikan gamit ang wikang pambansang Pilipino ang layunin ng antolohiyang ito. Inihayag ng editor na isang pangangailangang makahansa ang pagsasalin ng mga akda sa iba't ibang wikain sa Pilipinas na kailangang maipamawa sa nakararaming Pilipino (Cruz sa papel ni Gabunada, 2018, 88). Muli, igit na mas maintindihan ng mas nakararami ang Filipino, bilang paglilinaw, timingnan lamang ang saling Filipino at hindi Ingles dahil sa pagbibigay din sa *Araling Filipino* (o *Araling Pilipinas*)—Wika, Kultura at Mga na kursong kasalukuyang kinukuha ng mananaliksik sa De La Salle University at naisip ang pagdalumat sa salitang *Hubad* bilang pangangailangan sa asignaturang *Filipino* at *Lipunang Pilipino*. Binigyan ng pahintulot ng *Literarian ng Cebuano Studies Center* (CSC) na si Hope Yu ang mananaliksik na gamitin ang mga datos ni Maria Vanessa Gabunada (katrabaho ng mananaliksik) sa kadahilananang sumulat ang mananaliksik kay Yu at sinabi niyang hingin ang lahat ng datos kay Gabunada. Hindi nag-atubiling

tumulong sa mananaliksik si Yu sa dabilang Hyacin ng mananaliksik ang dating Librarian ng CSC. Nararapat lamang na banggitin ng mananaliksik si Gabunada bilang pagpipili sa kanyang disertasyon.


Bilang pagpapatalay, nagkaroon ng magkasalungat na pamnaw kung gagamitin ba ang Filipino o Ingles sa paglikha ng antolohiya ng Panitikanang Pilipino. Iginlit ng editor na kung Ingles ang gagamitin, magiging itang aryo na naman ito ng kolonisasyon.

Kinapamihanan na sa mga idinuwelahan sa Pilipinas ang wikang Ingles na polisiya. Maliban pa nito, mas gustong magulat sa Ingles ang mga rehiyonal na mga iskolar lalo na ang mga Cebuano bilang pagtutol nila sa Tagalog (Manila) na imperyalismo. Nag-umpisa ito noong implementasyon ng wikang pambansang na batay sa Tagalog. Marumi pa ang mga kadahilan maliban nito gaya ng pagiging sentro ng Manila sa kultura pati na sa politika kung saan nakabase ang mga mga paglidad sa media, pahayagan, mga sinehan, mga telebisyon network, lahat ng mga ahensiyang pangkultura, mga prestisyosong unibersidad at wala man lang mga opisina o mga sangay labas ng Manila gaya ng Cebu na indikasyong ginugoi lamang sa Manila ang pamumunuan ng estado. Naka-ugat talaga sa mas madaliin pa na mga politikal na kadahilanan ang pagpili ng Ingles ng mga manunulat sa Cebuano. Makikita ang kanilang pagpili, sa pagbuo ng mga proyektong pagsasalang Cebuano sa pamumuno ng CSC ng University of San Carlos. Binatag ang mga studies center sa iba pang mga rehiyon upang gawing espesyo ng ibang mga iskolar para sa kanilang mga pananaliksik sa panitikanang bernakular sa rehiyon nila. Nabuo ang CSC noong 1975 sa pangangailangang magtatag ng sentro para sa pag-aaral at mga pananaliksik ng iba't ibang bernakular sa iba't ibang rehiyon at naging modelo ito sa lokal/punrehiyong sentro ng pananaliksik sa bansa. Nakuha nito ang gustimpalang "Most Outstanding Institution in Cebu in the Field of Arts & Culture" (1985) at ang Gawad Awarid mula sa CCP para sa "Excellence in Cultural Research" (1993) (CSC.com).

Base sa pagtatalakay tungkol sa mga antolohiya noong 1970s, mahihinchang ito ang kauna-unahang mga proyekto sa pagsasalin bilang pagtagon sa kampanya sa pagtatag ng punrehiyong panitikan para sa pagbuo ng pambansang panitikan. Bilang bahagi ng Mamunulat sa proyektong pagsasalin, pinalagahan ni Bas ang kasaysayan ng panitikanang Cebuano mula 1900s hanggang 1960s at isinalin sa Filipino. Limitado lamang ang sukat ng pasimulang pag-aaral ni Bas na kumatawan sa panitikanang Cebuanoong nasa antolohiya bilang pagsalin sa maraming punrehiyong panitikan (Gabunada, 2018, 82). Hindi madali ang pagsalikha, paghalekta, at pagsalin kung kaya't napunta ang gawing ito sa mga iskolar na Cebuano at sa mga rehiyon ang responsibilidad na ito na kaharap ang problema sa kakulangan ng pamuhay sa tamang direktoryo kolektip na ang pondo para sa mga proyektong pagsasalin na mahalagang mga bagay sa gawing ito.

Talahanayon 2. Pagpapantayon at Pagkakatigayon ng Pagsasalin ng Panitikanang Cebuano sa Dekada 80

Pagsasalin ng Panitikanang Cebuano sa Dekada 80			
Pagpili ng Wika	Mga Pangunahing Outlet	Pagsasalin na mga Programa/Proyekto	Saklaw at Fokus
□ Filipino	□ I-Jornal	□ UMPIL (Mithi) □ Pagasara, Don. "Pikas Piko sa Alibangbang/Mga Hunahuna nga Gipanghiloggo sa Un Ku Bulak nga Kinawadro/Kahalaka sa Dag-Itit/Sa Paghinad-ong sa Palo sa Rambon/Santang Naglawig sa Kalawran/Salimbangon/Mga Lilang Liryo Alang Kung Ku Amadu." Sa Mithi, 5 (1985), 4-15. Trans. the author. (8 tula)	□ Nagtataguyod sa Panitikan ng Pilipinas □ Malugod na tinanggap ang mga gawing panitikan mula sa iba't ibang rehiyon para sa pagbabalangkas ng pambansang panitikan



Sa panahon ng 80s, dumami ang pagtagayod sa panitikanang hernakular tungo sa pagbuo ng pambansang panitikan dahil nagpalita ng suporta sa mga proyekto sa pagsasalin ang marunong iskolar at ahensiyang pambansa/internasyonal. Nariyan ang *Mithi* at *Ani* (jornal), literari jornal ng Writers Union of the Philippines, o Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) na itinatag noong 1983 at pinalawak ang representasyon ng panitikan sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsali ng mga kilalang manunulat sa ibang wika gaya ng Cebuano, Ilokano, Kapampungan at marami pang iba (*Mithi.com* sa papel ni Gabunada, 2018, 96). Jornal ng panitikan ng CCP ang *Ani* na naglayang tumugon sa madalag nang problema sa pagiging marginalisado ng panrehiyong panulat na may kaniyang representasyon sa pambansang arena dahil sa kahalugan ng labasan (outlet) at mga tagasalin. Sa panahong ito mas marami ang salin sa Ingles kaysa Filipino. Si Derr Pagasara lamang ang manunulat sa Cebuano kung saan nagsalin sa Filipino ang kanyang mga Cebuanoang panulat.

Talakanayan 3. Pagpapamahon at Pagkategorya ng Pagsasalin ng Panitikanang Cebuano sa Dekada 90

Pagsasalin ng Panitikanang Cebuano sa Dekada 90			
Pagsali ng Wika	Mga Pangunahing Outlet	Pagsasalin na mga Programa/Proyekto	Saklaw at Fokus
Filipino	3 antolohiya	(2) Panitikan Series 1. Alburo E., Mojares R., and Pagasara, D. <i>Panitikanang Cebuano</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1993. 2. Alburo E., Mojares R., and Pagasara, D. <i>Dulaang Cebuano</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1993.	Paglathala o muling pag-imprinta ng importanteng gawang panitikan na kailangang mabasa ng mga estudyante sa panitikan at kultura ng Pilipinas Pagsasalin tungo sa Filipino ng panitikan ng mga pangunahing wika sa Pilipinas Naglalayong ang wikang pambansa sa wika ay magagamit bilang istandard na wika sa pananaliksik sa panitikan sa bansa
		(1) Aklat Bahandi Series 1. Ramos, Remedios B. <i>Lahingdalawang Kuwento ni Vicente Sotto</i> . UP Sentro ng Wikang Filipino, 1998. (Aklat Bahandi Series)	Pagsasalin sa Filipino ng klasikong aklat sa diyulang wika at mga wika sa rehiyon Pagserikap na lumikha ng tekstong nagtataguyod sa pag-unlad ng pambansang panitikan sa tulong ng mga ambag mula sa mga rehiyon sa Pilipinas at panitikan ng dangal Layunin ng koleksiyong ito na madapasa sa mga Filipino ang mga orihinal na tekstong Cebuano at ang salin sa Filipino ng lahingdalawang kuwento ni Sotto

Dumami ang proyekto sa pagsasalang Cebuano sa Ingles sa dekada 80 kaya pinagsumikapin ng mga iskolar at mahilig sa wikang Filipino na pag-ibahin ang aitwaryun sa pamamagitan ng pagtatag ng ibang serye ng pagsasalang na nakapokus sa target na wikang Filipino. Nabuo ang *Panitikang Series* dahil sa pagpuyayag ito na pinondohan ng Toyota Foundation Japan. Iminungkahi ni Nicamor G. Tiongson naong dekada 1990 na magtatag ng isang kasunduan sa mga tugapag-iathala ng tatlong pangunahing unibersidad sa bansa—ang Unibersidad ng Pilipinas, Ateneo de Manila University, at ang De La Salle University (Alburo, Mojares et al. sa papel ni Gabunada, 2018, 102).

Mahahalagang mailathala at muling mapalimbag ng *Panitikang Series* ang mga saling ito upang mabasa ng mga estudyante sa Pilipinas na kumukuba ng panitikan at kultura. Kapag hindi naman nalalayo o may pagkakapareho ang kultura ng mga hinanggit na wika, hindi mahihirapan ang tagasalin kaya naging pamantayan ang wikang pambansa sa mga pananaliksik sa panitikan sa bansa. Nagresulta ito ng paglathala ng labindalawang mga pamagat sa loob ng anim na taon sa mga palimbagan ng unibersidad na nasa *consortium*. Kabilang dito ang *Panitikang Cebuano* (1993), *Dulaang Cebuano* (1997), *Dulaang Hilagaynon* (1996), *Mabibigang Kausapang Kapampangan at Pangasinan* (1996), *Sarawitang Pangasinan* (1996), *Sidag: Mga Tulang Bugon ng Panay at Negros* (1997), at *Tula at Kuwento ng Eklutuhang Bahidnon* (1998) (Zafra sa papel ni Gabunada 103).

Nagpasimuno rin ang Sentro ng Wikang Filipino (UP-SWF) ng UP ng mga proyekto sa pagsasalang ng panitikang Cebuano sa Filipino maliban sa *Panitikang Series* at *Aklat Bahandi Series*. Binuo ang *Labindalawang Kuwento* ni Vicente Sotto na proyekto sa pagsasalang ng labing dalawang kuwento ni Sotto sa Ikalimang sa Filipino ni Remedios B. Ramos at nai-edit naman ni Alburo (Gabunada, 2018, 104). Sa *Pamang Salita*, (nilarawan ni Alburo ang aklat sa mga sumusunod: Aklat bahandi ang tawag sa seryeng ito... “kayamanan,” tunay na ikayayaman ang pagkaroon ng salin sa wikang Pambansa (Ramos sa papel ni Gabunada, 2018, 105). Tinuring bilang bahandi ang mga pagsasalang sa Filipino ng mga panitikang rehiyonal dahil sa pagtaguyod nito sa pagbuo ng pambansang panitikan sa pamamagitan ng pambansang wika ng Pilipinas. Napakalakas ng tinig ng mga eksperto sa wikang Filipino, mga managagag na dalubwika at mga ahenasya ng pamuhulan sa yugang ito na ginamit ang Filipino sa pagtatag ng pambansang panitikan.

Talahanayan 4. Pagpapalitan at Pagkakatagpuan ng Pagsasalang ng Panitikang Cebuano sa Ika-21 Siglo

Pagsasalang ng Panitikang Cebuano sa Dekada Ika-21 na Siglo			
Pagpipili ng Wika	Mga Pangunahing Outlet	Pagsasalang na mga Programa/Proyekto	Saklaw at Pokus
☐ Filipino	☐ Antolohiya	☐ Sentro ng Wika Translation Project ☐ Leyson, Lededica, et. al. <i>Mga Piling Literaturang Sugbuanon</i> PSWF R-VII, 2008.	☐ Makagawa ng direktang koneksiyon sa pagbuo ng pambansang panitikan at ang patuloy na pagbuo, pagpapalawak, at pagpapayaman ng Wikang Filipino ☐ Makilala ang mga panitikang panrehiyon sa pamamagitan ng pagsasalang nito sa Wikang Filipino ☐ Pangbabaw ng dandaming rehiyonalismo

Dahil sa pinondohan ng KWF, Sentro ng Wikang Filipino, NCCA at USC University Press ang mga proyekto ng panitikang Cebuano, nagpatuloy ang kampanyang pag-ugat ang pambansang panitikan sa pamamagitan ng pagsalin ng panitikang panrehiyon sa ika-21 siglo. Nabuo ang panghuling proyekto

nito sa pamamagitan ng Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino Rehiyon-VII na malalapuan sa Cebu Normal University sa siyudad ng Cebu na may pondo mula sa KFW (Gubunada, 2018, 109). Ang proyekto sa pagsasalin na ito ay itinatag sa layuning ito: ... pagbuo ng pambansang literatura at ang pataloy na paghubon, pagpapalawak, at pagpapayaman ng Wikang Filipino... dapat huring ng mga Cebuano na sa kanila rin ang mga obrang ito at natatapat na magling babagi ng WF... (Leyson et al. sa papel ni Gabunada, 2018, 109). Sama Ledenica Leyson, direktor ng PSWF R-VII, Jovy M. Peregrino sa UP Diliman para sa gawaing pagsasalin sa Filipino at G. Edgar S. Godin sa *Binaya* na magaan ang mga tao sa likod ng proyektong ito para sa pagkolekta ng mga orihinal na akdang pampanitikan. Sinalin naman ng mga guro sa Filipino at mga mananaliksik na sina Flora G. Empuerto, Romeo S. Macua, Avila A. Perez, Godfrey G. Montera, Geraldine C. Rebamonte, at Rowena C. Largo ang mga akdang pampanitikan (Gabunada 109).

Mga buglong, istorya, sulawikain, anekdota, tula, maikling kuwento, at drama sa radyo ang saklaw ng antolohiya nito. Ayon kay Leyson kinolekta at inipon ang mga ito sa pamamagitan ng mga interbyu, samantalang kasama ipinagkaloob naman ng mga manunulat ang mga tula, maikling kuwento, at drama sa radyo (Leyson et al. sa papel ni Gabunada, 2018, 109).

Medyo marami na ang nagawa ng CSC sa pagsasalin ng panitikang Cebuano sa Filipino dahil sa tulong ng KWF ayon kay Hope Yu, ang kasalukuyang direktor ng CSC. Mas marami ang mga pagsasalin sa Ingles sa ikadalawampung isang siglo, pero sa saklaw at tuon, mayroon namang mga proyekto sa pagsasalin na pinondohan ng KWF para sa kampanya sa pagbuo ng pambansang panitikan gamit ang wikang Filipino. Bagaman kasalin pa sa Filipino o Ingles ang mga panitikang Cebuano, mababasa naman ito sa nasayonal o internasyonal (sa kaso ng Ingles) na arena gamit ang kasangkapan ng pagsasalin. Marami pang mga proyekto sa pagsasalin, nariyan naman ang KWF at CSC bilang mga isponsor at kaalagan lamang ang kolaborasyon sa pagitan ng wikang Cebuano at Filipino. Mahalagang bagay ito upang maitawag ang hadlang sa pagkakaiba ng wika at dahil sa pagsasalin mababasa na ang mga panitikang Cebuano sa mga hindi nakakaintindi nito.

MGA SALIN NG PANITIKANG CEBUANO SA FILIPINO NA NAILATHALA

Maaminag ang interes sa panitikang bernakular base sa natalakay na mga proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano. Makikita ang kahalintunaan sa sitwasyon dahil sa umpasa, ang layunin ng kampanya para sa pagbuo ng pambansang panitikan ay upang malabanan ang pangtingibabaw ng Filipino at Ingles na panulat sa Pilipinas, subalit nakatoon naman sa Filipino at Ingles bilang target na mga wika sa pagsasalin ang pagbuo ng mga proyekto sa Cebuanoang pagsasalin. Totoong mamamuwala ang panitikang panrehiyon sa mas malawak na Pilipinong tumatanghalik nito pero sa kahilag dako naman namumahalik ang pangtingibabaw ng Filipino at Ingles sa mga salin. May proseso sa produksiyon ng mga proyektong salin at dumadaan muna sa mga salik na nakaimpluwensiya sa paglathala ng mga proyekto sa pagsasalin. Nakadepende ang pagbuo ng mga proyekto sa pagsasalin sa mga sanglat na mga *commitment* ("nasasakupan")—mga pampubliko at pribadong indibidwal, mga ahensya (lokal, nasayonal at internasyonal) at mga taglathala na kumakontrol sa paglathala sa mga proyektong pagsasalin.

Samanalang ang "direksiyon" naman ay daloy ng mga mapagkukunan (*resources*) ng paglathala sa pambansa at panrehiyong antas; ang "dinamika ng kapangyarihan" ay ang kalikasan at kalapagan ng relasyon/kolaborasyon ng mga nasasakupan base sa malubhang mga mapagkukunan sa paglathala at mga oportunidad, habang ang mga "kondisyon" naman ay ang mga kumbensiyong ipinapataw ng mga nasasakupan sa proseso ng produksiyon ng mga proyekto sa pagsasalin ng panitikan.

Titingnan ang pagsasakungat ng mga nasasakupan sa paglathala ng proyekto sa pagsasalin ng Cebuano upang maipakita ang daloy, dinamika sa kapangyarihan, at mga kondisyon na masasabing namimuwensiya sa proseso ng produksiyon. Inilathatag ang maikling talakay sa kasaysayan ng paglathala sa Pilipinas at ang kasaysayan ng proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano upang maipakita ang daloy ng paglathala. Ipinaliwanag ang daloy ng paglathala sa "Communication Circuit" ni Robert Darnton—ang mga yugto ng paglathala ng libro na nagsasad na nag-iumpisa

ang daloy ng produksiyon ng panitikanang pamulat mula sa may-akda, pagkatapos sa tagalathala, laga-imprinta, embarkador, nagtitinda ng aklat at mambabasa (Darnton, 1982, 5). Namamagitan ang pagsasalin sa communication circuit. Naghatid ng kaalaman ang daglang pagtatalakay sa daloy ng paglathala kung papaano gumagana ang dinamika ng kapangyarihan ng mga nasasakupan. Samantala ang teorya naman ni André Lefevere sa pagsasalin bilang *rewriting* ang naging sandigan sa paguri ng dinamika ng kapangyarihan (Lefevere 1992). Pinangibabawan ng mga salik ang proseso sa pagtanggap o di pagtanggap, sa pagiging kanonisado o hindi kanonisado ng panitikanang pamulat at matukoy ang mga ito kung susuriin ang mga isyu ng kapangyarihan, ideolohiya, institusyon at manipulasyon. Kaya naruriyan ang mga propesyonal sa sistema (professionals), suporta (patronage), at wikang pagsasalanan (poetics) na kumokontrol sa produksiyon ng proyekto sa pagsasalin. Tinalakay sa pagsusuriing ito ang kalikasan at kalagayan ng relasyon/kolaborasyon ng mga nasasakupan sa paglathala ng proyekto sa pagsasalin ng panitikanang Cebuano. Nagpapakita ang pagsusuri sa dinamika ng kapangyarihan kung bakit makapataw ng mga kondisyon ang mga nasasakupan at kung paano isinasali ang pagsasalin sa proseso ng produksiyon. Panghuli, gamit ang pansosyolohikal na paninindigan ni Pierre Bourdieu (Bourdieu sa papel ni Gabunada, 2018, 117), mahimha ang koneksiyon ng daloy, dinamika ng kapangyarihan at mga kondisyon ng mga sangkot na nasasakupan at nililimaw ang diskurso ng pangibabaw at pagpapalakop mismo sa mga nasasakupan (Gabunada, 2018, 117).

Titinugnan muna nang pahapyaw ang kasaysayan ng paglathala sa Pilipinas at ang papel ng pagsasalin. Pagkatapos ng diktadura ni Marcos, lumago ang paglathala ng libro pero hindi ang panitikanang libeo kaya humingi ng suporta ang mga may-akda ng karamihan ay nasa Metro Manila. Maraming pinaglaanang problema ang mga tagalathala ng libro kaugnay sa industriya, kaya bunsod nito, ipinatupad ang National Book Policy noong 1995 sa ilalim ng Republic Act No. 8047. Kasama sa polisyang ito ang patuley na pagpalagi sa industriya ng paglathala ng libro. Nagsasama ng dalawa sa mga ilang layunin ng National Book Policy: (1) "to promote the development of indigenous

authorship and of translations among various language groups in the country; (2) to promote the translation and publication of scientific and technical books and classic works in literature and the arts." Kaya talagang pagkilala sa pagsasalin ang pagpapatupad ng National Book Policy.

Nahahawig ito sa huling yugto ng produksiyong intelektuwal ni Virgilio Enriquez (1994), na patuley na nagsikap maglinang ng mga "katutubong" konsepto sa kabla ng paggamit ng Ingles bilang pangunahing wikang ng pagsulat/pagsulat (Guillermo, 2016, 5).

Sa kasaysayan naman ng mga proyekto sa pagsasalin ng Cebuano, nang nitatag ang mga sentro sa pag-aaral, pag-usbong ng panitikanang bernakular at pagpatupad ng National Book Policy, dumami ang paglathala ng panitikanang Cebuano sa loob at labas ng rehiyon. Ang pagkaroon ng hiraridiya ang nagbibigay-daan sa paglathala ng mga proyekto sa pagsasalin ng panitikanang Cebuano ang nagmamula sa pamahansang institusyon at naglalayong patulagin ang bansa sa pamamagitan ng paglathala ng mga librong nagmamula sa mga rehiyon gamit ang pagsasalin. Ito ayong pattern (pattern) sa industriya ng paglathalang nag-umpisa sa pamahansang antas at humalaganap sa panrehiyong antas. Nagpapakita rin ito sa relasyon ng mga may-akda o tagasalin sa relasyon at mga pamahansang tagalathala.

Noong nag-umpisa ang mga proyekto sa pagsasalin, nabago na rin ang Communication Circuit ni Darnton sa konteksto ng Cebuano ang panitikan dahil sa nasa taas ang tagalathala at hindi ang may-akda. Nailathala ang mga proyekto sa pagsasalin sa pamamagitan ng mga gawad sa paglathala mula sa pamahansang ahensiya tulad ng AUP, Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), at National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Ikinomisyon ng mga tagalathala ang proyektong pagsasalin sa pamamagitan ng pagbigay ng pondo sa mga tagasalin doon sa mga proyekto sa pagsasalin lalo na sa ilalim ng Panitikan Series, Bahandil Series at KWF- Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino (PSWF). Kaya nangyari lamang ang produksiyon ng karamihan sa mga proyekto ng pagsasalin pagkatapos maluha ang pondo para nito.

Sa paghiyaat sa proseso ng pagsasalin, naisulat ang hindi pagkapanatay-pantay ng dinamika ng kapangyarihan ng mga sangkot na nasasakupan sa pagsasalin ng panitikanang

Cebuano dahil ginawang marshinalisado ang ibang mga iskolar na Cebuano na hindi kasalubog sa mga institusyong CSC, USC, at PSWF ng CNU at sa mga propesyonal sa loob ng sistema ng mga institusyong ito. Sa parehong sitwasyon nangyayari din ang hindi pagkapantay-pantay ng mga iskolar o tagasalin ng Cebuano (mga propesyonal sa sistema) at pambansang institusyon (bilang mga patron) dahil initas ng mga institusyong ito ang paggamit ng Filipino at Ingles bilang mga target na wika sa proyekto ng pagsasalin. Sa pagkakaroon naman ng mga mapagkakukunan sa paglalathala, nagpakita ng hindi pantay na katayuan ang mga pambansang institusyon sa pagpatay ng pagsasalin—naglathala ang NCCA ng maraming proyekto sa pagsasalin sa Ingles kay sa KWP sa Filipino. Ang Ingles ang dominanteng target na wikang pinagasalina (poetics).

Ang mga kondisyong ipinapalaw ng mga pambansang ahensiya at mga tagalathala na maaari lamang mailathala ang mga panitikang Cebuano kung isasalit ito ay nagdulot ng dalawang magkasalungat na kinabibilaganan—yumayabong ang panitikang Cebuano ng salin pero humahadlang sa paglago ng mga orihinal na panitikang Cebuano.

Kaya yaoag hindi pantay na pamamahagi ng mga mapagkakukunan at oportunidad sa pagitan ng nasyonal at rehiyonal na antas at ang mga kondisyong ipinapalaw sa mga pambansang institusyon na nagpatupad ng pagsasalin para sa paglathala ng panitikang Cebuano, nakabuo ito ng isang pagbabago sa dakong ng circuit ng komunikasyon sa buong lahat ng proyekto sa pagsasalin.

Bagaman sa ginooing sitwasyon nailathala pa rin ang ilan sa mga panitikang Cebuano ng ipinapakita sa talahanayan sa ibaba.

Talahanayan 5. Listahan ng Nailathala na Panitikang Cebuano na Proyekto ng Pagsasalin sa Filipino
ayon sa datos na nitalap

Listahan ng Panitikang Cebuano
1. Alburo, E., Mojares, R., at Pagasara D. <i>Panitikang Cebuano</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1993. (Panitikan Series)
2. Alburo, E., Mojares, R., at Pagasara D. <i>Dulaang Cebuano</i> . Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1993. (Panitikan Series)
3. Ramos, Remedios B. <i>Labindalawang Kuwento ni Vicente Sotto</i> . UP Sentro ng Wikang Filipino, 1998. (Aklat Bahandi Series)
4. Leyson, Lededica, et. al. <i>Mga Piling Literatura Sagbuanon</i> . PSWF R-VII, 2008. (Sentro ng Wikang Translation Series)

Base sa datos, mayroong apat na nailathalang proyekto sa pagsasalin sa Filipino. Ang una ay isinalin nina Alburo, Mojares, at Pagasara ang *Panitikang Cebuano* sa ilalim ng Panitikan Series at nailathala ng Ateneo de Manila University Press noong 1993. Pangalawa ay isinalin nina Alburo, Mojares, at Pagasara ang *Dulaang Cebuano* sa ilalim din ng Panitikan Series at nailathala ng Ateneo de Manila University Press noong 1993. Pangatlo ay isinalin nina Ramos ang *Labindalawang Kuwento ni Vicente Sotto* sa ilalim ng Aklat Bahandi Series na nailathala ng UP Sentro ng Wikang Filipino noong 1998. Panghuli ay isinalin nina Leyson, Lededica, et. al. ang *Mga Piling Literatura Sagbuanon* sa ilalim ng Sentro ng Wikang Translation Series ng PSWF R-VII noong 2008.

Mahihinuhaing may kaugnayan sa "Altered Communication Circuits" ang mga pagsasalang ito sa Filipino na hindi karamihan na nitalapay sa itaas.

MGA HADLANG O MGA PROBLEMANG KINAHAHARAP SA MGA GAWAING PAGSASALING BERNAKULAR

Sa mga gawaing pagsasalang bernakular sa panitikan, pilosopiya, at layunin ng mga miy-akda na mailathala ang mga naisalin pero may mga dapat isalang-alang upang makarubin ito. Ito yung mga salik na kumakontrol sa gawaing pagsasalang hinatwag na "mga propesyonal sa sistemang literari"—mga iskolar na Cebuano (CSC ng University of San Carlos, at PSWF ng Cebu

Normal University), mga tagasalin, mga guru, mahihilig sa panitikan sa mga unibersidad at mga institusyon. Maaaring hulaan ito sapagkat naging eksklusibong gawain ang pagsasalin na para lamang sa iskolar na kaakibat sa mga naturang institusyon. Nasa posisyon ng kapangyarihan ang mga iskolar na ito at naging marginalisado ang mga hindi kasaligang iskolar sa proyektong pagsasalin bagaman mayroon nang mga kanonikal na Cebuanoang manunulat na nakapag-ambag din sa larang ito. Naibibigay ang nasabing marginalisasyong ito ni Isidor Cruz na nagsabi "...in the province, those who claimed to be marginalized also marginalized other writers and artists" (Cruz sa papel ni Gabunada, 2018, 140). May mga magagaling na iskolar na Cebuano - hindi napasali "young men and women" sa mga proyekto sa pagsasalin dahil sa eksklusibong pamantay. May dominasyong umiral din sa institusyong pambansa kasali na ang mga propesyonal na nagmamamipula at pamapataw ng mga kondisyon at mga diskurso sa akademiya. Sa antas ng paglalathala, inatras ang pagsasalin sa mga panitikang Cebuano at sa produksiyon naman, kailangan ang puspusang pagpili ng mga panitikang panulat na isasalin kung kaya't pumapasok ang mga ideolohiya pati ang mga kumbensiyon ng mga putremage kaya mayroong manipulasyon at mayroon ding mababagi.

Mayroon pang isang hulaan na maaaring maging problema sa gawaing pagsasalin. Iyon ay sa pagbuo ng kanon. Masasabing mayaman ang panitikang Cebuano dahil sa marami ang magagaling na manunulat. Subay na subay ito sa kabila ng mga kanon at mga hulaan na kinaharap. Kasangkapan ang kasaysayan sa pagbuo ng kanon ng panitikang Cebuano. May mga listahan ang mga iskolar na Cebuano na magpapatunay ng napakayamang kanon ng panitikang ito at kanonikal ang karamihan sa mga manunulat ng panitikang Cebuano ayon na rin sa mga iskolar bagaman hindi magkatugma ang kanilang mga listahan bunsod nitong subhetibong proseso sa pagpili nito. Iba-iba ang opinyon ng mga iskolar at nakapende sa personal na bias nila. May kanyu-kanyang paborito ang buwat iskolar na binibigyang balaga ang iba at naging marginalisado naman iyong iba. May pagkakataong mapili ng mga paborito sa proseso ang mga iskolar na magiging bahagang sa pagbuo ng kanon ng panitikang Cebuano. Masasabing hindi kompleto ang listahan ng mga iskolar kaya kumakatawan

bilang tentatibo lamang ang kalikasan ng tradisyonal na kanon sa loob ng rehiyong Cebuano dahil sa pagkakaroon ng limitasyon sa buwat kategorya, at ipinaliwanag ni Guillory ang ideyang hindi kompleto ang listahang kanonikal na kahit sino walang makapag-akses sa kabuuang kanon (Guillory sa papel ni Gabunada, 2018, 203). Kaya, kumakatawan din ito bilang tentatibo, pansamantalang at hindi buo ang kanon ng pambansang arena dahil na rin may pagkukulang at limitasyon ang mga naililathalang proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano. Bukod sa may kinalaman sa kukulangang ng kanonisadong listahan, ang representasyon ng mga kanonisadong manunulat sa pambansang panitikang arena sa mga proyekto sa pagsasalin ang pinakakritikal naman na isyu dahil hindi buo ang representasyon. Ipinagpalaagay na may mga limitasyon din sa nilalaman ng mga proyekto sa pagsasalin, halimbawa sa malapitang pagtingin at pagsuri ng mga proyekto sa pagsasalin, maaring ang pagpataw ng mga pamantayan at patnubay ng mga propesyonal at mga patron sa loob ng sistema. Sila ang may hawak ng mga pamantayan at natural lamang na magkakaron ng mga bias at subhetibong pagbibigay ng mga patnubay bilang gabay sa kung ano man ang sundin ng mga iskolar at mga patron.

Sa pangalahatan, "There is this so-called sociocultural distinction of text production in terms of literary stratification, in literature certain properties become canonized, while others are not... by 'canonized' one means those literary norms and works which are accepted as legitimate by the dominant circles within a culture and preserved by the community to become part of its heritage while 'non-canonized' means those norms and texts which are rejected by these circles as illegitimate (Zohar, 1990, 16). Ang makapangyarihan ang magsasabing may impluwensiya sa pagpili ng batayan.

Sa diskursong pagiging kanonikal, binigyang din ni Guillory (32) na nangyayari ang pagbuo ng kanon sa kapangyarihan dahil ang pagiging kanonikal-- "implies, reflects, and builds on authority and that canons are instruments of power." Sumasailamin, nagpapatunay at nabubuo sa awtoridad ang pagbuo ng kanon ng panitikang Cebuano at instrumento din ang kanong ito ng kapangyarihang kultural ng napakayamang panitikang Cebuano. Hinirang din ng mga

iskolar na kanonikal ang mga manunulat na Cebuano base sa umiiral na mga kanonikal na listahan maliban pa sa karangalang mutam nila at paglalala hindi lumaog dahil sa kapangyarihang kultural kundi pati na rin sa yaman ng panitikan.

Tungahyan ang talahanayan sa ibaba.

Ang Talahanayan 6 ay Nagpapakita ng Nomerikal na Figura sa mga Naisalin at Hindi Naisaling Panitikang Cebuano at mga Nomerikal na Figura sa Nagpapakita ng Paralelismo (pagkahapareha) at Autonomismo (pagkakaiba) ng Alternatibong Kanon ng Naisaling Panitikang Cebuano.

Kategorya	Pinulaang Cebuano	Makikang Kuwentong Cebuano	Pagkasadulang Cebuano	Pinagsamang Kabuuan (Digri ng paralelismo at autonomismo)
Mga manunulat na Cebuano na kapwa makikita sa Listahan ng Umiiral na mga Kanonikal na Manunulat na Cebuano sa mga Proyekting Pagsasalin (pinagsamang kabuuan)	31	16	2	59
Mga manunulat na Cebuano na makikita sa Listahan ng Umiiral na mga Kanonikal na Manunulat na Cebuano sa mga Proyekting Pagsasalin pero hindi sa mga Nilalaman ng mga Proyekting Pagsasalin	330	67	15	192
Mga manunulat na Cebuano na makikita sa mga Nilalaman ng mga Proyekting Pagsasalin pero hindi sa Listahan ng Umiiral na mga Kanonikal na Manunulat na Cebuano	60	19	2	81
Pangkalahatang Kabuuan	291	82	19	332

Nagpapakita ang figurang ito na sa proseso ng pagsasalin naging kanonisado ang 59 na naisaling kanonikal na may-akdang Cebuano na kahile sa umiiral na kanon, at 81 na naisaling kanonikal na may-akdang Cebuano na nagasarili sa umiiral na kanon. Sa madaling salita, sa proseso ng pagsasalin naging kanonisado at binigyang halaga ang 140 napiling kanonikal na may-akdang Cebuano kasali sa alternatibong kanon at ginawang marinhalisado ang 192 na hindi pa pinili at isinalin mula sa 332 sa listahan ng talahanayan. Bagaman permanente (fixed) ang figurang ito, hindi dapat makalimutan na ang kalikasan ng umiiral na kanon ay puna at probisyunal lamang—hindi kompleto ang listahan. Ang kalikasan ng alternatibong kanon ng panitikang Cebuano sa pagsasalin ay puna at alternatibo rin ang kadikasan. Hindi lang naging kanonisado ang alternatibong listahan, kundi pinalaki rin ang pagiging hindi kompleto ng alternatibong kanon sa pagpapakilala nito sa kultura ng mga mambabasang Filipino.

Base sa pagsusuri, napakitang ang 192 na mga kanonikal na Cebuano na manunulat ay hindi (pa) napili at naisalin, mula sa 332 sa tradisyonal na listahan. Dahil sa proseso ng pagsasalin, naging kanonisado at binigyang halaga ang 140 na napiling kanonikal na mga manunulat sa pamamagitan ng pagpapatili at pagpalawig ng kanilang katayuang kanonikal sa pambansang arena gamit ang wikang Filipino. Hindi lamang ginawang kanonisado ang panitikang Cebuano ng proseso ng pagsasalin kundi binigyang halaga ang Filipino sa akademya at mga institusyon na gamitin ito upang maisama sa pagbuo ng pambansang panitikan. Tunay ngang ang nangangibabaw na puwersang

nakaipinawensiya sa paglikha, produksiyon, at pagbuo ng kanon na mga proseso ng panitikang Cebuano sa pamamagitan ng pagsasalin ay ang pagbuo ng pambansang kanon ng panitikan. Talagang pangunahin sa lahat ang pagbuo ng pambansang kanon. Kaya mahigpit ang pagpili dahil sa mayroon pang nangangahulugang na puwersang damidikta sa ano ang dapat at ano ang hindi.

Totoong may mga isyu at kontrobersiya sa proseso ng pagpili sa paglikha at produksiyon ng proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano dahil sa binuo ng mga propesyonal at mga patronage sa loob ng sistema ang mga patnubay at kriterya sa pagpili. May kapangyarihan ang mga patron (pambansang institusyon) at mga propesyonal sa sistema (Cebuano ng iskolar at tagasalin) na pumili kung ano ang tawala at sino ang mag-akda ang isasalit at hindi tungo sa pagbuo ng alternatibong kanon. Una nang nasabing mayaman sa tradisyonal na kanon ang Cebuano at dahil sa patronage, may proseso sa pagpili kaya mailathala ang mga proyekto sa pagsasalin. Ginamit ng mga propesyonal ang kanilang kapangyarihan at awtoridad sa pagpili ng mga kanonikal na Cebuano ng manunulat para sa proyekto sa pagsasalin. Inilikaw ang teorya ni John Guillory sa kanyang librong *Cultural Capital: The Problem of Literary Canon Formation* (Guillory sa papel ni Gabunada 177) sa proseso ng pagpili at ang argumento ni Barbara Herrnstein Smith (Smith sa papel ni Gabunada, 2018, 177) sa pagiging kanonikal tungkol sa "value/evaluation" upang mabigyan din ang mga kontrobersiya kungay sa pagbuo ng kriterya at patnubay sa proseso ng pagpili. Masaring "panloob" ("intrinsic") o "panlabas" ("extrinsic") ayon kay Smith ang halaga ng akdang pampanitikan na ibig sabihin—ang mga batol sa panitikan ay "objective validity" (intrinsic) o sa pamamagitan ng "expressions of personal preference" (extrinsic) (Smith sa papel ni Gabunada, 2018, 177). Pinaglinan ni Smith na dahil napalukutan ang halaga ng gawing panitikan sa panloob at panlabas na paghatol, kailangan mayroong proseso sa ebalwasyon ng halaga nito (Smith sa papel ni Gabunada, 2018, 208). Kaya dapat may kriterya sa paghahasehan sa paghatol para sa proseso ng ebalwasyon. Sinabi rin niya na tuloy-tuloy ang prosesong ito na ginagaw ng iba't ibang individual na kusal sa pamamagitan ng punsoyal at pang-institusyong mga gawain at praktika (Smith sa papel ni Gabunada, 2018,

208). Nakabatay sa kriteryang ginawa ng mga individual na naimpluwensiyahan ng mga pang-institusyong nakasanayang ginawin ang paghatol sa proseso ng pagsasuri. Sa dami ng mga umiral na kanon ng panitikang Cebuano, pinaliit ito sa proseso ng pagpili sapagkat hindi mailagay lahat ng panulat at dahil na rin sa mga konsiderasyong panansiyal. Pinahulagahan ang mga kriterya ng mga patronage pati mga propesyonal na pinatunayan ang kanilang mga paghahatol bilang mga iskolar. Pero ang halaga na pumapaloob mismo sa mga kriterya ay ang pagpapakita ng pagiging obhetibo o sabidlib sa buong proseso sa pagpili at hindi mailawakang sa loob nila, mayroong mga politikal o personal na kagustuhan. Nakadepende talaga sa kanilang piyos at pumapasok ang mga personal na bias. Kaya sa mga proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano, tungkulin ng mga nasasakupan (mga patronage/propesyonal) na pumili ng mga kanonikal na panitikang Cebuano sa pagbuo at produksiyon ng mga antolohiya. Lumalabas pa rin ang politika ng pagsasalin sa pagtukoy kung ano mahalaga at ano ang hindi. Nagsasangkot ang pagbuo ng kanon sa pagpili kung ano ang gusto nila at olin ang mahalaga. Siyempre, ang may halaga ang mga magagustuhan ng mga iskolar. Hindi ito madali at napakakompilado pero kailangan para makabuo ng isang pamaran na maging basehan sa paggawa ulit ng umiral na kanon.

Isa pang problema o hadlang sa pagsasalang bernakulat ay ang kakulangan sa pondo. Kailangang magbigay ang mga institusyon ng pondo sa pagsasalin mismo at paglathala ng mga naisaling panitikang panrehiyon dahil napakakulang nito. Bagaman nariyan ang mga institusyong nanghihiyay at namigay ng pondo, kulang pa rin ang mga ito. Nangyayari ito dahil sa pagbabago sa daloy ng circuit ng komunikasyon sa halos lahat ng proyekto sa pagsasalin. Nasa taas ng hirarkiya ang pinagmulan ng pondo hanggang sa makarating sa tagasalin/manunulat.

Isa pang salik na kumokontrol sa proyektong pagsasalin na isang hadlang din sa pagsasalin ay ang patronage at ang nangigibabaw na poetes. Hindi pantay ang pagraranggo ng mga kumokontrol na salik na ito kung saan umokupa ang mga patronage (pambansa na naglalathala) sa matas na posisyon sa larangan ng paglalathala dahil sila ang nagbibigay ng pondo para sa mga proyektong pagsasalin kaya masaring

magbigay sila ng mga kondisyon o magdikta kung anong poetice ang gagamitin sa produksiyon ng proyektong pagsasalin. Kaya kaunti lamang ang isa kung marami naman ang isa. Mayroon kasing dikotomiya sa pagitan ng Filipino at Ingles. Sa kasong ito, mas marami ang nailimbag sa Ingles. Darami ang pagsasalang bernakular tungo sa Filipino kung mas pipiliin ang poetice na ito kung kaya depende na rin ito sa alin mang institusyon ang nagbibigay ng pondo.

Ayon kay Mejares (1990, 77), may mga problema sa pag-usbong ng pagsasalin at ang mga sumusunod ang sahal nito: mahirap mismo ang gawaing pagsasalin, kaunti ang oportunidad sa paglathala, kawalan ng pangangailangan (demand), mababang kumalayan sa mga tekstong labas sa lokal na wika. Tungkol naman sa mahirap ang gawaing pagsasalin sa Filipino, ayon kay Alburo (1), "Translators of Cebuano literary works lack sufficient command of the national language or are reluctant to translate their works into Filipino" (Alburo, 2011, 1). Totoo ito maliban na lamang sa mga magagaling na iskolar at mga dalubwika sa Filipino. Subalit sa kabila ng mga problemaang ito, kailangan pa ring maring ang boses ng mamumulat sa pambansang kinatatayuan nito at lampas pa gunit ang ailing pinaghirapan. Pero ayon kay Mejares (2009, 1) kaulibat nito ang mga sumusunod: kailangan pagbutihin ang kalagayan ng produksiyon, paglathala, at pagtaguyod nito at himukin ang kulturang kritisismo. Kailangang-kailangan ito nang sa gayon'y mabasa at mapahalagahan ang panitikang Cebuano sa mga Cebuano at di-Cebuano.

Sa proseso pa rin ng produksiyon, naka-ugat na ang proseso sa pagsasalin sa kasaysayan ng paglathala ng libro sa Pilipinas at rehiyon. Ginamit ang prosesong pagsasalin bilang kinakailangang tulong para sa pagbuo ng pambansang panitikan. Binigyang-halaga ang pagbuo ng pambansang wika at pambansang panitikan. Pinapalata nito ang hindi pagkakapantay-pantay ng mga konstituyen (pambansa at rehiyonal na mga institusyon) sa produksiyon ng proyektong pagsasalin sa panitikang Cebuano. Hindi patas ang pamamahagi ng mga mapagkakukunan sa paglathala dahil makakakuha ng mas malaking pondo ang mga pambansang institusyon dahil sa nasa sentro (Manila) ang mga ito samantalang nasa paligid lamang ang mga panrehiyong institusyon kaya, mas

kakaunti ang mapagkakukunan. Nabanggit na sa mga unang talata ang mga ahensiya at institusyong nagbibigay ng pondo para sa gawaing pagsasalin.

Isa ring hadlang o problemang kinahakarp ang pagiging marhinalisado ng mga tagasalin ng panitikang bernakular at medyo matagal na ang problemang ito sa mundo ng panitikan sa Pilipinas.

PAPEL NG TAGASALING BERNAKULAR BILANG MARHINALISADO SA LIPUNANG PILIPINO

Mga Cebuanoang mamumulat din ang mga tagasalin ng mga panitikang Cebuano at mapaglalaro nilang kailangan bilang magsalin para makilala lampas sa baybayin ng Cebuano. Ayon kay Alburo (2011, 1), bagaman may ilang pag-aaral na sa post-colonial na perspektibo sa panitikang Filipino, wala pang pag-aaral sa panitikang Cebuano sa pagkakaalam nito. Kailangan ang motibasyon ng mga tagasalin upang mapatibay ang pag-iral ng panitikang Cebuano na sulit namangbasa at pag-aralan. Napakabusay ng mga Cebuanoang mamumulat at sayang na hindi man lang mabasa ang kanilang mga akda sa mga hindi nakakamawa nito. Sa kalagayan ng petakuran sa wika na nagbibigay ng pantay na katayuan sa Filipino at Ingles bilang medyum sa pagtuturo, humalawak din ang adbokasiya sa mga rehiyon ng Pilipinas na humihimok para sa pantay na katayuan ng mga wikang panrehiyon sa pambansang wika.

Hindi nagpapahiwatig ng pagiging marhinalisado ng wikang Cebuano ang pagiging marhinalisado ng mga tagasaling bernakular. Naging marhinalisado ang mga tagasaling bernakular dahil na rin sa sistema ng industriya ng paglathala ng panitikan sa Pilipinas gaya ng mga kolonisadong bansa—kinokontrol ang industriya ng paglathala ng Pilipinas ng ilang tagalathala na nakabase sa kabesera (Metro Manila) na nagresulta ng pagiging marhinalisado ng panulat na panrehiyon. "Authors outside the borders of the metropolitan space experience an intellectual dependency on the Manila-centric publishing industry," ayon kay Arung (2021).

Sa pangamba naman na maging marhinalisado ang Cebuano, hindi mangyayari iyon ayon kay Alburo. Noong nailathala ang liham ni UP President Francisco Nemenzo sa UP Cebu sa kanyang pagmamasa na umunlad muli

ang wikang Cebuano at kultura), sumunod ang mga simula ni Made de la Cerna; Radel Paredes, Eladio Dioko, Bobâ Avila, Gerard Pareja, Myke Oberieta, at Leo Lastimosa tungkol sa palma. Ito ay isa pang tugon nila sa muling pagpapalad ng wikang Cebuano. Mga kolumnista, grupo ng mga manunulat, at wikang vigilantes silang gastong isulong ang wikang Cebuano sa pangarhang maglag marhinalisado ang wika. Maliban sa mga mapagbantay ng wika gaya ng mga kolumnistang ito, mayroon ding mga grupo ng manunulat na nagpapakita ng umusbong na interes gaya ng Dagang Foundation na sa kumbensiyon nito, namigay sila ng mga parangal sa panitikan; ang Akademiya (Akademya sa Dilang Bisaya of Atty. Adelino Sitor) sa paghanda nito ng bagong diksyonaryo at paglathala ng magasing *Kalibor*, ang bagong pamumuno ng LUDARI na isang babang manunulat na si Sonia Empinador; ang paglitaw ng mga e-group gaya ng SOLFED (Save Our Languages through Federalism) at DILA (Defenders of Indigenous Languages of the Archipelago) at iba pa; si Made de la Cerna na convenor ng UP na nagsabi kay Alburo na sa forum, kinasala ang Pambansang Awit sa Kapampangan at Cebuano ng koro muna sa Butuan na pinanginahan ng dating estudyante sa USC (Alburo, 2015, 1).

MUNGKABI TUNGKOL SA MGA PROBLEMA SA PAGSASALIN NG CEBUANONG PANITIKAN AT PAGIGING MARHINALISADO

Malaki ang tiwala ng mga manunulat at tagasalin na matutugunan ang problema sa pagsasalin ng Cebuanong panulat sa pamamagitan ng pagtutulongan at pagbuo ng bagong pananaw sa pagsasalin.

Magpapatuloy talaga ang mga manunulat na Cebuano at tagasalin dahil kakaharapin pa nila ang Manila. Totoong mayroon nang Cebuano na kataguri sa Palanca sa maikling kuwento, kinilala na din ng UMPL (Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas) ang mga alodang pampunitikan ng mga Cebuano gaya ni Ernie Lariosa at Teo Adlawan at nag-ispensor din ang NCCA ng mga palihan, mga kumperensiyas, at mga festival na naayon sa mga layunin nito—"to encourage the continuing and balanced cultural development" sa Pilipinas. Tiyak na sa mga ganitong paraan mababawasan ang pagiging marhinalisado ng mga manunulat sa Cebuano. Napansin ni Alburo sa Pangkalahatang

pagtitipon ng NCCA's Committee on Language and Translation, malinaw na nahumaling ang mga miyembro ng *executive committee* sa pagtaguyod at panghabaw ng pambansang wika. Nakatason talaga sila sa pagtulak ng Filipino dahil ito naman talaga ang wikang Pambansa ng Pilipinas.

Mahalaga ang balanseng pagtaguyod ng pambansang wika at bernakular sa iba't ibang rehiyon. Para sa Cebuano, mayroong CSC na ipinagpatuloy ang kanilang gawain sa pagtaguyod ng lokal na wika at kultura. Halimbawa, inilunsad ang dalawang isang ng Cebuano fiction at isang libro na may CD sa *Conversations Cebuano*. Naglangkang gamawa rin sila ng koleksiyon ng mga Cebuanong kuwentong-bayan na isasalin sa Filipino. Tiyak na tapos na iyon ngayon. "*Cebuano, and indeed the rest of Visayan literature will continue to need writers for it to survive in the region, as well as translators for it to be visible in the nation*" (Alburo, 2015, 1). Magpahanggang ngayon buhay pa rin ang *Bisaga* (*Bisdak* na ngayon) isang outlet ng panitikang Cebuano. Ngunit ang mga lokal na pangkat ng mga manunulat ang nagpapanatili ng tunay na buhay na panitikan na nagtutulongan sa pamamagitan ng regular na mga pulihan, pagbabasa, at paglunsad ng mga libro na walang tulong mula sa Manila kung saan nakasentro ang industriya ng paglathala. Sa kabilang dako naman, ayon kay Alburo (2015, 1) "*the translation of Cebuano texts unfamiliar in a Tagalog audience is motivated less by an economic motive than by a desire to show 'Imperial Manila' that there are remarkable texts worthy of study in Cebuano.*"

Upang mahasa ngayon ang mga panulat ng mga matatandang manunulat sa Cebuano na sanay sa isang klasikong bokabularyo (kilala bilang lalam na maaaring isalin ng 'malalim'), kailangang ayusin ang kanilang estilo sa pagsusulat sa kontemporaneong madla. Kailangan nilang umasa sa mga nakababatang manunulat upang isalin ang kanilang mga akda mula Cebuano tungo sa Filipino o *Ingles* kung nais nilang mabuhay ang kanilang mga gawa.

Sa mga tagasalin din bilang marhinalisado, napaka-unglap ng Teoryang Skopos ni Hans Vermeer na mas nakatuon sa layunin at magiging gamit ng isinaling teksto. Isa itong bagong perspektiba sa pagtingin ng pagsasalin. Ayon kay Vermeer, isang gawain ang pagsasalin at mayroong kakibat na layunin ang hawat gawain kung bakit ito gagawin, tinawag na skopos ang rasun na ito (Ribo 2015). Dapat

mayroong kankulang bunga ang bawat gawain, at dahil isang gawain ang pagsasalin, mayroon itong resultang target na teksto o ang tinatawag niyang *translation* at pagdidin niyang mahalagang malaman muna ng isang tagasalin ang skopus at magiging gamit ng *translation* bago pa man ito magsumalang magasin (Riho 2015). Ito dapat ang pokus ng mga tagasalin at sana mayroon din silang kakayahan, kagalingan, kahatiran at maaaring katanyagan bilang taga-hubad at broker sa pagitan ng mga wika—may sapat na kaalaman sa wikang pagsasalinan na importanteng bagay sa konplikadong gawaing ito. Ayon kay Mojares (2017, 20), “the translator must work with respect for the distinctness and integrity of both source and target languages, producing a translation that does not distort, dominate, or diminish either language but expands the resources and possibilities of both.”

Ipinagpapatuloy ni Apter sa kanyang *Against World Literature* ang proyektong sinimulan niya sa *The Translation Zone: A New Comparative Literature* (2006) ng paggamit ng pagsasalin, o, hindi pa rito sa haging aklat na ito, ang “untranslatability,” bilang pokus ng *comparative literature*. Nagtatampok ang “untranslatability,” ni Apter sa mga pagkakaiba sa pagitan ng mga wika at kultura sa pamamagitan ng pagpapahayag nito sa lengguwahe na kalimita’y nakaligtan ng *World Literature*. Hindi naman sa ayaw ng aklat na ito ni Apter ang *World Literature*. Sa halip, dapat nitong mabatid ang mga pagkakaibang ito at lalo hindi matutumbasan ang iba, at siyasetin lung ang ang ibig sabihin ng mga ito para sa mga mambabasa at sistemang pampanitikan. Gumagamit siya ng iba’t ibang dialog, mula sa mga pag-aaral ng mga indibidwal na salita hanggang sa pagsubaybay sa kasaysayan ng mga pagsasalin, upang magmungkahi ng mga paraan kung saan maaaring magng katalista ang non-translation para mag-isip kung paano natatangi ang mga kultura at kung paano nauugnay ang mga ito sa iba’t isa.

Pakisiping mabuti rin ito ng panitikang Pilipino na may natatanging lengguwahe ang Cebuano kaya mahirap itong tutumbasan.

“I do harbor serious reservations about tendencies in World Literature over reflexive endorsement of cultural equivalence and substitutability, or toward the celebration of nationally and ethnically branded ‘differences’ that have been niche-marketed as commercialized ‘identities’” (Apter, 2013, 3).

Maaaring batayan ito sa ginawang rehasyon ng panitikang Pilipino na kahit ano pa man, naiiba talaga ang kultura ng Cebuano at Pilipino at pakisiping mabuti para mas mapag-aralan pa ang mga indibidwal na salita ginamit ang kultura.

Inilunsad din noong 2017 ng NCCA sa pangangasiwa ng Pambansang Komite sa Wika at Salin ang papremyo nito—ang Gawad Rolando S. Tinio sa Tagasalin o Translator’s Prize na humikayat ng maraming mamumulat at dalubhasa sa wika na makisangkot sa pagsasalin sa Filipino ng iba’t ibang makahulugang tekstong rusa iba’t ibang wikang umiral sa Pilipinas. Paman ito upang mas maintindihan at mapahalagahan ng mga mambabasang Filipino sa pangkalahatan, hindi lamang ng mga Cebuano at iba pa. Para sa 2021, pinalawak ang mga katagorya sa kalipunan ng Tula, Nobela, Nobelang Young Adult, Koleksiyon ng Dalang May Ganap na Haba, Malikhaing Di-Katha, kalipunan ng Maikling Kuwento, at priyadad ang mga akdang klasiko, kanoigo, at/o simulat ng mga Pambansang Alagad ng Sining. Maaari itong salihan ng mga Cebuonong magpapalag na mamumulat upang ipagpatuloy ang pagsasalin.

Bilang karagdagan, mahalagang mabanggit din ang Vicente Sotto Lecture Series na isang buwanang kaganapang naglalayong itaas ang hamalayan at pagpapahalaga sa komunidad ng mayamang kultura at pampanitikan na pamana ng Cebu. Gayundin, nagsisilbi itong lugar para sa mga interesadong indibidwal na makisali sa mga talakayan sa mga iginagalang na tagapagsalita na mapagkukunan sa iba’t ibang paksa na may kaugnayan sa pamana, kasaysayan, at kultura. Manalalang naglathala ang yumaong si Don Vicente Sotto, na tinaguriang “Ama ng Wika at mga Liham na Cebuano” hindi lamang ng unang pahayagan sa Cebuano, kundi pati na rin ang unang maikling kuwentong Cebuano. Samantalang si Dr. Erlinda Kintanar-Alburo na dating direktor ng CSC ay nagbukas ng lecture series na may temang: “Early Speculative Fiction in Cebuano Literature: The Pre-war Fantasy Novel.” Marami sa kanyang interes ay ukol sa pananaliksik kabilang na ang Cebuano heritage, panitikang Cebuano at Pilipino, folklore, expressive culture, at popular na kultura. Isa rin siyang makata sa parehong Cebuano at Ingles.

Kaugnay ng nabanggit na *poetics*, umapila si Guillermo (16) na dapat pagsikapang hubagin

ng buwat iskolar sa Araling Pilipino ang kakaibang magsulat ng mga pananaliksik, libro, artikulo, at pwede na rin sa panitikan sa wikang Filipino at kailangan ding magsanay sa paggamit ng wikang ito sa mga akademikong forum at talakayang nilalahukan sa Pilipinas lalo na sa mga guro. Dapat ding tiyaking may bahagi ng mga babasahin sa kanilang mga klase na nasa wikang Filipino, sa kasong ito mga anyong panitikan sa Filipino. Kapag seryosong isasagawa ng bawat iskolar sa AP o mga tagasalin ang mga alintuntuning ito (hindi lamang sa Filipino kundi sa iba ring mga wika sa Pilipinas maliban sa Ingles), tiyak na may malaking progresong maaabot ang kabuuang komunidad na pangkomunikasyon, at hindi lamang ang AP sa Filipino, kahit sa loob lamang ng sampung taon (Guillermo, 2016, 17). Isang komunidad na unti-unting nagkakaintindihan ang mabubuo. Makababuo ito ng isang *critical mass* na mahalaga sa prosesong pag-iral at pagsulong ng AP ngayon din na dapat pagtikapan ng mga espesyalista hinggil sa mga teorista o pilosopong Europeo-Anglo-Amerikano (o mula sa alinmang dakong dundig), ang tagasalin sa mga akda ng mga palaisip na ito patungong wikang Filipino, at normal sa ibang bansa na ang mga espesyalista sa mga partikular na palaisip ay siya ring pangmahing tagasalin ng mga akda nito (Guillermo, 2016, 17). Magagawa rin ito sa Pilipinas. Hindi ito mahabang uri ng gawain—ang pagsasalin.

KONGKLUSYON

Napakayaman ng hubad sa Cebuano. Nagbibigay ng maraming kaalaman tungkol sa napakayamang panitikang Cebuano ang nagpapakita ng tunay na kultura nito ang pagsusuri at pagsasalin sa Filipino. May malaking ginagampanang papel ang pagsasalin upang maunawaan ang mga panulat sa mga hindi nakakaunawa nito. Ginagamit din ito sa kampanya sa pagbuo ng pamhansang panitikan kasama ang mga panitikang parehiyon na tinatawag na rebisyon sa panitikang Filipino.

Ang pagsasalin na isang tanging paraang maipawan ang mga hamon sa estruktura ng wika ay isang tunay na pag-unawa sa mga pagkakaiba ng gramatika sa mga wika. Sa gayong kaalaman, maaaring baguhin/nyusin muli ang mga sulita at purala upang makaba ang isilang kahulugan sa target na wika.

Subalit, isang komplikadong proseso ang paghahanap ng nasangkop na pagkapareho na nagsasangkot ng paglipat ng mga kahulugan mula sa isang wika patungo sa ibang wika at nangangailangan ito ng malalim na kaalaman sa pinanggagalingan at target na kultura. Ito ang mga dapat mahatid ng isang tagasaling bernakul. Sa pagsasakonteksto nito, komplikado ang gawing pagsasalin, hindi lamang ng panitikang Cebuano kundi pati na rin ng wikang Cebuano o anumang wikang rehiyonal tungo sa wikang Filipino.

Nagkaroon ng mga pagsasalin sa mga panitikang Cebuano noong dekada 70 at nagpapatuloy pa hanggang sa kasalukuyan. Kanonikal ang mga panitikang Cebuano at marami rin ang mga kanonikal na manunulat. May mga isinaling panitikang Cebuano na kanonikal din at nailathala, pero hindi maipagkakailang mayroon ding hindi nagsali. Kaya maaaring may misrepresentasyon ng mga panitikang Cebuano sa pamhansang panitikan. Bagaman may alternatibong kanon sa mga isinaling panitikang Cebuano, naging kanonisado rin ang mga ito at naipakilala dahil sa pagsasalin sa mas mataas na kultura ng pamhansang arena na gamagamit ng Filipino o kaya Ingles.

Talagang hinimok ng politika sa pagsasalin ang produksiyon at pagbuo ng kanon ng isinaling panitikang Cebuano na maaabang isang hadlang sa paglalathala ng ibang panitikang Cebuano. May mga adyenda ang mga salik na kumokontrol sa produksiyon ng mga proyekto sa pagsasalin ng mga panitikang Cebuano. Ang pagsasalin ng panitikang Cebuano na karamihan sa Ingles ang isa sa mga adyenda sa politika. Sa pagbuo ng kanon, ipinapakita ang politika sa pagsasalin sa proseso ng pagpili kung saan nakabase ang kriteryu ng mga personal na mga kagustuhan/hias ng mga sangkot na Cebuano ang tagasalin at editor. Ang pinakamahalagang konsidera sa pagpili ay dapat magkaroon ng malinaw (transparent), tiyak at walang kinikilingang patnubay o pamantayan sa pagpili ng magiging kanon sa mga nakahileraing mga panitikang Cebuano upang sa gayo'y maging maayos at tumpak ang pagpili sa mga ito. Hindi naman sinasabing hindi dalubhasa ang mga iskolar at nasa akademya sa paraang ito, kundi gawin lamang nilang malinaw ang lahat para mas kumakatawan ang mga kanonisadong panitikan sa Cebuano ang panulat. Ipinakita ang politika sa pagsasalin sa pagiging kanonisado

ng alternatibong kanon ng naisaling panitikang Cebuano sa pambansang arena. Sa produksiyon din sa pagsasalin, naglalaro ang politika sa aspektong ito dahil may kolaborasyong nangyayari sa mga sangkot na mga *constituencies* at nagkaroon ng hindi pagkapatay-pantay sapagkat nakapataw na ang mga kondisyon sa paglathala ng mga proyekto sa pagsasalin ang mga nag-disponsor na mga institusyon (mga patronage) kung gagawing Filipino ba o Ingles ang pagsasalin. Hindi lamang sa mga kondisyon sa paglathala ang leinasaalang-alang kung kaya't may politika rin, kundi sa ideyung hindi lubat ng proyekto sa pagsasalin ng panitikang Cebuano ang mailathala dahil sa paglikha nitong alternatibong kanon ng mga iskolar ng mga naisaling panitikang Cebuano sa Filipino o Ingles. Bagaman naisalin na, wala pa ring kasiguruhang mailathala. Kaya masasabing mabosisi at napakakomplikado ng mga bagay na ito.

Nagpatibay at nagtatag ang mga bagong tungkulin ng pagsasaling ito sa katotohanang palaging umikot sa ideya ng paggamit ng pagsasalin sa Filipino at Ingles para sa pagbuo ng pambansang panitikan sa pagtasa ng proseso sa produksiyon at pagbuo ng kanon. Mas nakararami ang mga naisalin sa Ingles na mga panulat kayo Filipino. Kaya dapat palakasin pa ang mga pagsasalin sa Filipino. Ito iyong nangibabaw sa pagtibigay ng halaga (value) na humalaganap sa akademya at mga institusyon na sumusuporta sa paggawa ng mga proyekto sa pagsasalin ng mga panitikang Cebuano—iyon ay ang pagtasa ng bernakular na panitikan upang mabuo ang mga panrehiyong kanong kailanganin sa pagbuo ng kanon ng pambansang panitikan. Tiyak na mahaba ang proseso at hindi madali pero dapat lamang na gawin upang magkaroon ng lubusang representasyon ng panitikang Cebuano sa pambansang arena. Pero base sa mga datos, hindi ganap na kinakatawan (fully represented) ang Cebuanong panulat.

Panghuli, isa ring hadlang sa paglathala ng mga naisaling panitikang Cebuano ang kakulangan ng mapagkakunang sa mga gawing pagsasalin dahil mas kakaunti lamang ang mapagkakunang sa mga institusyon sa rehiyon.

Marami ang mga hadlang na hindi mawasan sa mundo ng pagsasalin at kung mabago lamang ang lahat ng ito, tiyak na dadami pa ang mga panitikang Cebuanong naisalin sa Filipino at garoon din sa Ingles. Bagay pa, hindi dapat mag-alinlangan

ang mga tagasaling Cebuano sapagkat may pagkahaporohe ang kultura ng bawat isa bagaman may ilang mungkahing pag-aralang mabuti ang bawat kultura at ang mga salitang probinsiyal. Kailangan ding hinukin ang mga magagaling na mamulat na pasakin ang mundo ng pagsasalin at bubuo o pagtibayin ang mga organisasyong pangwika mula sa iba't ibang antas ng edukasyon, mga praktisyoner ng salin, mananaliksik, at iskolar ng pagsasalin, mga tagapagtaguyod ng salin, at sinamang naniniwala sa kahalagahan at kinabuhay ng pagsasalin sa Filipino kasali na ang Ingles. Maaaring marami ang maging papel ng mga tagasaling bernakular bilang marchalisado sa lipunang Filipino. Hindi dapat mag-stubling gampanan ang malaking responsibilidad upang mapanatiling buhay ang panitikang Cebuano at makilala at mapahalagahan ng mga Filipino hindi lamang sa Filipinas kundi pati na sa iba't ibang panig ng mundo.

Base sa mga pagsusuri ng mga proyekto sa panitikan Cebuano at mga datos, napag-alamanang idinugtong ng pagsasalin ang pangkasaysayan, kultural, panlinggawistika, at pampolitikang mga isyu sa paglikha, produksiyon at pagbuo ng alternatibong kanon sa naisaling panitikang Cebuano. *

- Alhura, Erlinda. *Isangangdaho: Writing Cebuano Arts and Culture*. Cebu City: University of San Carlos Press, 2015.
- . "Riddling-Riddling of the Ghost Crab Translating Literature in Cebuano." *NasaTranslating in Asia: Theories, Practices, Histories*, Inedit Nina R. Ricci at J. van der Putten, 136–52. New York: Routledge, 2011.
- , et al. eds. *Cebuano Poetry: Sogbuansong Bulak until 1940*. Cebu City: University of San Carlos Press, 1988.
- , et al. *Pensilang Cebuano*. Quezon City: Ateneo de Manila, 1993.
- , Resil Mojares, at Don Pagasara. *Pansilang Cebuano*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1993.
- Apter, Emily. *Against World Literature: On Politics of Untranslatability*. Brooklyn, NY: Verso, 2015.
- . "Untranslatables: A World System." *New Literary History* 39, no. 3 (2008): 581–98.
- . "Philosophical Translation and Untranslatability: Translation as Critical Pedagogy." *Profession* (2010): 50–83.
- . "Preface." *Dictionary of Untranslatables: A Philosophical Lexicon*. Princeton: Princeton University Press, 2014.
- Arang, M. E. B. "Where are your Literary Giants? Examination of the Production and Reception of Cebuano Literature, 1975–2015." *Pub Res Q* 37 (2021): 15–26.
- Barthes, Pierre. *The Rules of Art: Genesis and Structure of the Literary Field*. California: Stanford University, 1995.
- Bresnahan, Roger. *Angles of Vision: Conversations on Philippine Literature*. Quezon City: New Day Publishers, 1992.
- . "Cebuano Studies Center." *Inakies noong Enero* 5, 2022. <https://www.cebuanostudiescenter.com/about-cebuano-studies-center-2/>.
- Cruz, Andres Cristobal. "Preface." *Mamumulat, Mga Piling Akdang Pilipino*. Quezon City: Pioneer Printing, 1970.
- Cruz, Isidro. Postscript. *Pangsohi: Damning the Nation/Region and the Global Order in Contemporary West Visayan Literature*. Iloilo City: University of San Agustin Publishing House, 2009.
- Darnton, Robert. "What Is the History of Books?" *Dandelion* 111, no. 3 (Summer 1982): 65–83.
- De la Cerna, Madriena. "Popularizing Cebuano Literature." Agosto 4, 2018. <https://cebulailynews.inquirer.net/187719/popularizing-cebuano-literature>.
- Des Rochers, Arianne, at Robert Twiss. "Against Untranslatability." *Disyembre* 22, 2018. <https://quaderna.org/4/dossier-4/against-untranslatability>.
- Gabonada, Maria Vanessa. "The Politics of Translation in the Creation, Production, and Canon Formation of Translated Cebuano Literature from the Post War to the Present Period." Ph.D. Diss., Ateneo de Manila Graduate University, 2018.
- . "The Politics of Translation in the Creation, Production, and Canon Formation of Translated Cebuano Literature from the Post-War to the Present Period." *Kultura Kritika* 33/34 (2019/2020).
- Guillermo, Ramon. Sariling Atin: "Ang Nagkasariling Komunidad na Panghuanikasyon sa Disiplinang Araling Pilipino." *Social Science Daliman* 12, no. 1 (2016): 16–17.
- Guillory, John. *Cultural Capital: The Problem of Literary Formation*. Chicago: The University of Chicago Press, 1993.

- Jackobson, Roman. *On Linguistic Aspects of Translation in the On Translation*. Cambridge, Mass: Harvard University Press, 1959.
- Lefevere, André. *Translation, Rewriting and Manipulation of Literary Fame*. London and New York: Routledge, 1992.
- Leyson, Lededica, et al. *Mga Literaturang Sagbuanon*. PSWF R-VII, 2008.
- Mojares, Basil. *Cebuano Literature: A Survey and Bio-Bibliography with Finding List*. Cebu City: University of San Carlos Press, 1975.
- _____. "Decentralizing Culture in the Philippines." *Solidarity* (1986): 90.
- _____. "Do Regional Literatures Exist Today?" *Solidarity* (1986): 108-09, 128.
- _____. "From Cebuano/To Cebuano: The Politics of Literary Translation." *Philippine Quarterly of Culture and Society* 18 (1990): 77, 79, 80.
- _____. *Pasamintang: Anthology of Cebuano Poetry*. Manila: National Commission for Culture and the Arts, 2009.
- _____. "The Circuits of Translation: The Philippines and the World." *Journal of English Studies & Comparative Literature* 16 (2017): 20.
- Puente, Lorenzo Alexander. "Translation in a Postcolonial Context: Translating NVM. Gonzalez's *A Season of Grace*." Master's Thesis, Ateneo de Manila University, 1997.
- "RA 8047." Inakses noong Enero 10, 2022. <https://booksphilippines.gov.ph/ra-8047/>.
- Ramos, Remedios. Preface, *Lahindalawang Kuwento ni Vicente Sotto*. Diliman: UP Sentro ng Wikang Filipino, 1998.
- Ribu, J. "Kaidtong Panahon: Isang Pagpursi sa Proceso at Salin sa Guinobatan ng mga Piling Alamat Hilang Dagdag na Materyal sa Pagtuturo sa Ikalawang Baitang sa Elementarya ng Guinobatan East Central School (GECS)." Di-gradwading tesis, De La Salle University, 2015.
- Smith, Barbara Herrnstein. "Value/Evaluation." *NASA Critical Terms for Literary Study*, inedit nina Frank Lentricchia at Thomas McLaughlin, 178. Chicago: The University of Chicago Press, 1995.
- Ungria, Ricardo. "Enriching Knowledge by Publishing in the Regional Languages." *Asiatik* 3 no. 1 (2009): 4.
- Zohar, Elamar. "Poetics Today." *International Journal for Theory and Analysis of Literature and Communication* 11 no. 1 (1990): 16.



Isang Assistant Professor IV si ROSE CAPULLA sa Department of Philosophy and Social Sciences (DPSS) ng Visayas State University (VSU), Visca, Baybay City, Leyte. Nakapagtapos ng kursong Ph.D. sa Araling Filipino – Wika, Kultura at Midya sa De La Salle University - Manila. Siya ay nagtuturo sa VSU sa loob ng 27 taon. Nakapagpresenta siya ng mga papel sa mga pang-internasyunal na mga konperensiya dito at sa ibang bansa at naglathala na rin ng mga papel sa internasyunal at nasyunal na mga journal. Ang kanyang mga interes sa pananaliksik ay hermeneutika, semiotika, pag-aaral ng kultura, Philippine Studies, Southeast Asian Studies, at mga pag-aaral ng ispirasyonalidad.

Article Details: Title: Ang Lungsang Hubbard: Cebuano ng Solin sa Filipino The Place of Hubad: On Cebuano Translation in Filipino Dakuyon Article of Rose Patricia Capistrano	Page: DISSERTATION/PUBLISHED ARTICLE DETAILS THE POLITICS OF TRANSLATION IN THE CREATION, PRODUCTION, AND CANON FORMATION OF TRANSLATED CEBUANO LITERATURE FROM THE POST-WAR PERIOD TO PRESENT Dissertation and Published article (Kritika Kultura and UNITAS) of Marissa Vanessa F. Caltanoff	P
